



Students' Contextual Ability: Basis for Developing the Multimodal Filipino Aptitude Test (MFAT)

Jaspher Kim T. Sabuga-a¹, Gracelyn C. Altaya²

¹Department of Education, Datal Biao Integrated School – Tampakan, Koronadal City, Philippines

Email: jaspherkim.sabugaa@deped.gov.ph

²Graduate School, Sultan Kudarat State University, Philippines

Email: gracelynaltaya@sksu.edu.ph

Abstract:

The test is not merely a measure of knowledge but a step toward more effective learning. Through the Multimodal Filipino Aptitude Test (MFAT), we gain a deeper understanding of students' contextual reading abilities across various text types. This study aims to develop and validate the Multimodal Filipino Aptitude Test (MFAT) to assess the contextual reading skills of Grade 7 students in the Tampakan district. A test-retest design was used with 159 students from three public high schools to determine the instrument's reliability. Data were gathered using multimodal assessments involving written, visual, and multimodal texts. Results showed that students demonstrated a moderate level of comprehension across all text types. The MFAT was also proven to be a reliable and valid assessment tool. Continued refinement of the assessment is recommended to better address students' needs and improve teaching strategies.

Keywords: *multimodal Filipino aptitude test, contextual ability, multimodal assessment, comprehension skills*

PANIMULA

Sa patuloy na pag-unlad ng samo't saring anyo ng komunikasyon at sistema ng pagkatuto, mahalagang matukoy ang kakayahang panteksto ng mga estudyante sa pag-unawa ng samo't saring uring teksto mula sa nakasulat at biswal na teksto hanggang sa mga tekstong multimodal. Hindi lamang sapat ang kakayahang magbasa at magsulat kinakailangan ding matutunan nila kung paano suriin at bigyang kahulugan ang impormasyong nasa iba't ibang anyo. Sa pamamagitan nito, mas magiging handa sila sa pagtugon sa hamon ng modernong panahon at sa patuloy na pagsibol ng mga proseso sa pagtuturo at pagkatuto.

Sa pandaigdigang konteksto, patuloy na nahaharap ang mga estudyante sa hamon ng pag-unawa sa mga tekstong akademiko, lalo na sa mga asignaturang humihiling ng higit na kasanayan sa pagbasa at masusing pagsusuri Pretorius at Spaul (2016). Sa Estados Unidos, natuklasan na maraming estudyante ang hirap sa pag-unawa ng mga tekstong pang-akademiko na hindi pamilyar sa kanilang karanasan o interes (Shanahan & Shanahan, 2014).

Sa isang pag-aaral sa probinsya ng Quezon, napag-alaman na ang kakulangan sa mga aklat at digital na kagamitan ay nagiging hadlang sa pagpapabuti ng kasanayang panteksto (Santos, 2021). Bukod dito, maraming guro ang patuloy na gumagamit ng tradisyonal na pagsusulit na hindi gaanong epektibo sa pagtukoy ng magkakaibang kakayahan nila sa pag-unawa, lalo na sa pagsusuri ng mga tekstong multimodal (Salvador, 2019).

Sa Distrito ng Tampakan, maraming estudyante ang nahihirapang intindihin ang masalimuot na tekstong nasusulat, biswal, at multimodal (SMEPA, 2022). Ayon sa mga paunang datos mula sa mga guro, ang kakulangan sa dekalidad na kagamitan sa pagtuturo at materyales ay nagiging hadlang sa pagpapabuti ng contextual ability (PISA, 2019).

Sa kabila ng lumalawak na pananaliksik sa literasi, marami pa ring mag-aaral sa Pilipinas ang may mababang antas ng kakayahang magbasa at umunawa ng masalimuot na teksto. Isa sa pangunahing dahilan ng problemang ito ay kakulangan sa pagsasanay ng guro sa pagtuturo ng multimodal literacy, na nagiging balakid sa pagpapalawak ng kakayahang panteksto ng mga estudyante. Bagaman may taglay kasanayan ang mga mag-aaral sa interpretasyon ng nakasulat na teksto, nahihirapan pa rin silang unawain ang kahulugan ng biswal at digital na teksto, na madalas ginagamit sa makabagong edukasyon. Dagdag pa rito, karamihan sa mga pagsusulit na sumusukat sa pantekstong kakayahan ay nakatuon lamang sa nakasulat na teksto at hindi isinasaalang-alang ang pagsasanay sa biswal at multimodal na pag-unawa, na mahalaga sa ika-21 siglong edukasyon. (OECD, 2019; Bautista at Bernardo, 2020; Reyes at Garcia, 2021; Santos at Rivera, 2022; Villanueva, 2023).

Dahil dito, layunin ng pananaliksik na makabuo ng pagsusulit pangkasanayan sa kakayahang panteksto para sa mga estudyante sa ika-7 baitang sa tatlong pambansang paaralan ng Tampakan. Nilalayon nitong makatulong sa pagsukat at pagpapabuti ng kanilang kasanayan, alinsunod sa layunin ng bagong kurikulum ng MATATAG. Sa tulong ng instrumento, inaasahan itong magsilbing gabay upang mapaghandaan ng mga estudyante ang mas kumplikadong antas ng kanilang pagkatuto.

Inaasahang matugunan ng pag-aaral na ito ang mga tiyak na tanong na nais masagot:

1. Ano ang antas ng kakayahang panteksto ng mga mag-aaral sa ikapitong baitang sa pag-unawa ng mga babasahin sa Filipino batay sa:
 - 1.1. tekstong nasusulat;
 - 1.2. tekstong biswal; at
 - 1.3. tekstong multimodal?
2. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kakayahang panteksto ng mga mag-aaral?
3. Ano ang antas ng balidasyon ng nabuong Multimodal Filipino Aptitude Test (MFAT) batay sa:
 - 3.1. Nilalaman;
 - 3.2. Kalinawan ng panuto at mga aytem;
 - 3.3. Organisasyon at Presentasyon ng mga Aytem;
 - 3.4. Kaangkupan ng Aytem;
 - 3.5. Kasapatan ng mga Aytem sa bawat kategorya; at
 - 3.6. Natatamo ang Layunin?
4. Ano ang antas ng relayabiliti ng nabuong Multimodal Filipino Aptitude Test (MFAT)?

METODOLOHIYA

2.1 Disenyo ng Pananaliksik

Ginamit ng mananaliksik ang test-retest reliability bilang disenyo upang masukat ang konsistensya ng instrumento sa pag-usad ng panahon. Habang patuloy na pagsasagawa ng parehong pagsusuri sa parehong grupo ng kalahok sa magkaibang panahon, masusuri kung gaano katiyak at katatag ang resulta ng instrumento (Heale & Twycross, 2015). Ang mataas na korelasyon sa pagitan ng dalawang pagsusuri ay magpapakita ng mataas na antas ng relayability ng instrumento (Salkind, 2010). Sa pamamagitan ng test-retest reliability ay sinukat ang konsistensya at katumpakan ng Multimodal Filipino Aptitude Test (MFAT) na bubuoin batay sa kakayahang panteksto ng mga estudyante. Sa pagsasakatuparan ng pagsusulit sa parehong grupo ng mga mag-aaral sa tatlong magkaibang panahon, masusuri kung gaano kaepektibo at kapani-paniwala ang instrumento sa pagsukat ng kanilang kakayahang panteksto.

2.2. Respondente ng Pananaliksik

Ang mga magsisilbing respondente sa pananaliksik na ito ay ang mga estudyante ng ikapitong baitang sa tatlong (3) Pambansang Mataas na Paaralan ng Distrito ng Tampakan. Ang mga napasyahang respondente ay napapabilang sa heterogenous na seksiyon na kung saan may samo't saring kakayahan pagdating sa pag-alam ng mga teksto. Dalawa uri ang magiging respondente. Una, ang mga guro bilang tagapagbalido ng nabuong Multimodal Filipino Aptitude Test (MFAT). Sila'y nakapagtapos ng kanilang masterado at dokrorado sa larangan ng pagtuturo ng asignaturang Filipino, anim (6) na guro ang kalahok at bawat isa sa kanila ay eksperto sa pagbalido ng nabuong Multimodal Filipino Aptitude Test (MFAT). Pangalawa, ang mga estudyante upang subuking ang relayability ng nabuong pagsusulit. Sila'y binubuo ng animnapu (60) at nasa ikalawang seksiyon may samo't saring kakayahan sa pag-alam ng teksto. Ang mga respondente ay binubuo ng isangdaan limangpu't siyam (159).

2.3 Instrumento ng Pananaliksik

Binuo ang talaan ng ispesipikasyon sa pagbuo ng pagsusulit. Ang pagtataya ay binubuo ng isang daang (100) aytem, na ipinabalido gamit ang baliditi ng nilalaman. Ipinabalido ito sa anim na eksperto. Upang matukoy ang baliditi ng nilalalaman, ginamit ang pamantayan ni Yousoff (2014). Ipinakuha sa animnapung (60) estudyante ng ikapitong baitang ng Datal Biao Integrated School ang relayability ng nabuong pagsusulit. Ginamit ang Cronbach Alpha sa pagtukoy nito. Pagkatapos makuha ang antas ng relayability at baliditi ng nilalaman. Ang natirang limampung (50) aytem sa nabuong pagtataya, ipinabalido ito gamit ang baliditi ng lantad sa limang eksperto. Upang matukoy ang baliditi ng lantad, ginamit ang pamantayan ni Dela Peña (2023). Para matukoy ang antas ng kasanayang panteksto ng mga mag-aaral sa Ikapitong baitang, ginamit ang pamantayan ni Aman (2020).

RESULTA

Batay sa datos na inilahad sa Talahanayan 1, ang pinakamataas na mean percentage score (MPS) sa kakayahang panteksto ng mga estudyante ay naitala sa tekstong multimodal na may 69.79 MPS (sd=6.23), na may deskripsyong papalapit sa ganap na pag-unawa. Samantala, ang pinakamababang MPS ay naitala sa tekstong nasusulat na may 54.00 MPS at sd=4.38, na may deskripsyong katamtamang pag-unawa. Sa pangkalahatan, ang kakayahang panteksto ng mga estudyante sa pag-intindi ng mga babasahin sa Filipino na tumutugma sa antas ng katamtamang pag-unawa, (MPS=61.79, sd=5.24).

Talahanayan 1. Kakayahang Panteksto ng mga Mag-aaral sa Pag-unawa ng Mga Babasahin sa Filipino

Kakayahang Panteksto	MPS	SD	Deksrisyong Berbal
Tesktong Nasusulat	54.00	4.38	Katamtamang Pag-unawa
Tesktong Biswal	62.12	5.11	Katamtamang Pag-unawa
Tesktong Multimodal	69.79	6.23	Papalapit sa Ganap na Pag-unawa
Kabuoan	61.97	5.24	Katamtamang Pag-unawa

Makikita sa Talahanayan 2, ang pinakamataas na sum of squares (SS) ay makikita sa within group na may resultang 3,436, samantalang ang pinakamababa naman ay nasa pagitan ng between group na may resultang 371. Ang kabuoang sum of squares ay umabot sa 3807. Ang f-value na nakuha ay 8.10. Subalit, mas mataas ang F-critical na 3.06 kaysa sa P-value na 0.0000612 kaya walang makabuluhang kaibahn sa pantekstong kasayanan ng mga estudyante.

Talahanayan 2. Makabuluhang Pagkakaiba ng Kakayahang Panteksto ng mga Mag-aaral

ANOVA							
Source of Variance	SS	df	MS	F	p-value	f-crit	Interpretasyon
Between Group	371	2	185.30	8.10	0.06	3.06	Walang Makabuluhan
Within Group	3,436	150	22.91				
Kabuoan	3807	152					

Note: $p < 0.05$, significant

Masisipat sa Talahanayan 3, sa Papel at Lapis ang panukatan na nilalaman ang may pinakamataas na mean na 4.48 (sd=0.36) na may deksripsyon na mas mahusay, samantalang ang kasapatan ng mga aytem sa bawat kategorya ang may pinakamababang mean na 3.28 (sd=0.28) na may deksripsyon na mahusay. Ang kabuoang mean para sa Papel at Lapis ay 4.00 (sd=0.27) na may deksripsyon na mas mahusay. Sa Google Form (Gform), ang pinakamataas na mean ay nasa panukatan na kalinawan ng panuto at mga aytem na may 4.80 (sd=0.40) na may deksripsyon na napakahusay, habang ang pinakamababa ay sa natatamo ang layunin na may 3.8 (sd=0.26) na may deksripsyon na mahusay. Ang kabuoang mean para sa Google Form (Gform) ay 4.12 (sd=0.34) na

may deksripsyon na mas mahusay. Samantala, sa pagsusulit gamit ang Quizziz, ang pinakamataas na mean ay nasa nilalaman na may 4.48 (sd=0.36) na may deksripsyon na mas mahusay, habang ang pinakamababa ay sa kasapatan ng mga aytem sa bawat kategorya na may 4 (sd=0.26). Ang kabuoang mean para sa Quizziz ay 4.12 (sd=0.31) na may deksripsyon na mas mahusay.

Talahanayan 3. Antas ng Balidasyon ng Nabuong Multimodal Filipino Aptitude Test (MFAT)

Panukatan	Mean	SD	Deskripsyon
Papel at Lapis			
Nilalaman	4.48	0.36	Mas Mahusay
Kalinawan ng Panuto at mga Aytem	4.42	0.26	Mas Mahusay
Organisasyon at Presentasyon ng mga Aytem	4.24	0.37	Mas Mahusay
Kaangkupan ng Aytem	4.08	0.18	Mas Mahusay
Kasapatan ng mga Aytem sa bawat Kategorya	3.28	0.28	Mahusay
Natatamo ang Layunin	3.72	0.16	Mas Mahusay
Kabuoan	4	0.27	Mas Mahusay
Google Form			
Nilalaman	4.48	0.36	Mas Mahusay
Kalinawan ng Panuto at mga Aytem	4.80	0.40	Napakahusay
Organisasyon at Presentasyon ng mga Aytem	4.36	0.47	Mas Mahusay
Kaangkupan ng Aytem	4.2	0.28	Mas Mahusay
Kasapatan ng mga Aytem sa bawat Kategorya	3.68	0.44	Mas Mahusay
Natatamo ang Layunin	3.8	0.26	Mahusay
Kabuoan	4.12	0.34	Mas Mahusay
Quizziz			
Nilalaman	4.48	0.36	Mas Mahusay
Kalinawan ng Panuto at mga Aytem	4.2	0.26	Mas Mahusay
Organisasyon at Presentasyon ng mga Aytem	4.36	0.47	Mas Mahusay
Kaangkupan ng Aytem	4.32	0.26	Mas Mahusay
Kasapatan ng mga Aytem sa bawat Kategorya	4	0.26	Mas Mahusay
Natatamo ang Layunin	4.08	0.30	Mas Mahusay
Kabuoan	4.12	0.31	Mas Mahusay

Matutunghayan sa Talahanayan 4, nakakuha ng magkatulad na balidasyon ang mga panukatan. Nakakuha ng mas mahusay na deskripsyon ang nilalaman ($M=4.48$, $sd=0.36$), kalinawan ng panuto at mga aytem ($M=4.42$, $sd=0.26$), organisasyon at presentasyon ng mga aytem ($M=4.24$, $sd=0.37$), kaangkupan ng aytem sa bawat kategorya ($M=3.28$, $sd=0.28$) at natatamo ang layunin ($M=3.72$, $sd=0.16$).

Talahanayan 4. Antas ng Balidasyon ng Multimodal Filipino Aptitude Test (MFAT) sa bawat Panukatan.

Panukatan	Papel at Lapis		Google Form (Gform)		Quizziz		Mean	SD	Deskripsyon
	Mean	SD	Mean	SD	Mean	SD			
Nilalaman	4.48	0.36	4.48	0.36	4.48	0.36	4.48	0.36	Mas Mahusay
Kalinawan ng Panuto at mga Aytem	4.42	0.26	4.80	0.40	4.2	0.26	4.47	0.31	Mas Mahusay
Organisasyon at Presentasyon ng mga Aytem	4.24	0.37	4.36	0.47	4.36	0.47	4.32	0.44	Mas Mahusay
Kaangkupan ng Aytem	4.08	0.18	4.2	0.28	4.32	0.26	4.2	0.24	Mas Mahusay
Kasapatan ng mga Aytem sa bawat Kategorya	3.28	0.28	3.68	0.44	4	0.26	3.65	0.33	Mas Mahusay
Natatamo ang Layunin	3.72	0.16	3.8	0.26	4.08	0.30	3.87	0.24	Mas Mahusay

INTERPRETASYON

Ipinapakita ng resulta na mas may kakayahan ang mga estudyante sa pag-unawa ng tekstong multimodal kumpara sa tekstong nasusulat at tekstong biswal. Ito'y nangangahulugan na mas nagiging epektibo ang pag-unawa kapag may kombinasyon ng samo't saring midya, gaya ng teksto, larawan, at ibang elemento. Ang mababang mean percentage score (MPS) sa tekstong nasusulat ay nagpapakapahiwatig ng hamon sa pag-unawa ng mahahabang babasahin o mas kumplikadong pahayag nang walang biswal na suporta. Samantala, ang resulta'y nagpapakita ng katamtamang antas ng kakayahang panteksto ng mga mag-aaral. Kaya nararapat na palakasin pa

ang interbensyon sa pagtuturo upang mapaunlad ang kanilang kakayahan sa pag-intindi ng samo't saring anyo ng teksto.

Kaya naman, may walang kaibahan sa tatlong uri ng teksto ng pagtataya. Nagpapakita ito ng magkakatulad na kasanayan ng mga estudyante sa tekstong nasusulat, biswal at multimodal.

Lumitaw sa resulta ng Talahanayan 3, ang pagsusulit gamit ang Papel at Lapis ay nagpapakita ng mataas na kalidad, gayundin ang Google Form (Gform) at Quizziz, nagtataglay ang tatlong anyo ng pagsusulit ng katangian ng balidong pagsusulit. Kaya naman, nakapasa ito sa baliditi ng lantad sapagkat lahat ng anyo ng pagsusulit ay nakapasa sa pamantayan at nakakuha ng mas mahusay na reytng.

Matutunghayan ang resulta na ang Multimodal Filipino Aptitude Test (MFAT) ay may mataas na antas ng balidasyon, na may parehong deskripsyong mas mahusay sa lahat ng panukat at paraan ng pagsusuri—Papel at Lapis, Google Form (GForm), at Quizziz. Lumalabas na maayos at malinaw ang mga aytem sa pagsusulit, mataas ang kaangkupan at kalinawan ng panuto, at sapat ang dami ng aytem sa bawat kategorya. Ipinapakita ng mga resulta na ang Multimodal Filipino Aptitude Test (MFAT) ay maaasahang instrumento sa pagtataya ng pantekstong kakayahan ng mga estudyante at maaaring gamitin sa parehong tradisyonal at dihital na pormat nang hindi naapektuhan ang bisa nito. Sa kabuoan, ang Multimodal Filipino Aptitude Test (MFAT) ay isang epektibong pagsusulit upang masuri ang lebel ng pag-intindi ng mga estudyante at makatutulong sa pagpapabuti ng pagtatasa sa pantekstong kasanayan ng mga estudyante.

Ang resulta ng pagsusulit ay nagpapahiwatig ng mataas na antas ng relayability na nangangahulugang may mahusay na internal consistency ang mga aytem. Ipinapakita nito na ang mga tanong sa pagsusulit ay may kaugnayan sa bawat isa at epektibong nasusukat ang parehong konsepto sa isang maaasahan at matibay na paraan. Dahil dito, asahan na ang pagsusulit ay magbibigay ng pare-parehong resulta kapag ginamit sa iba't ibang pagkakataon. Sa kabuoan, ang Filipino Aptitude Test (FATst) ay isang maaasahang instrumento para sa pagtatasa ng kahusayan ng mga mag-aaral sa Filipino.

KONKLUSYON

Batay sa mga natuklasan sa pag-aaral, ang mga sumusunod ay ang mga konklusyon:

Ang antas ng kakayahang panteksto ng mga m estudyante sa ikapitong baitang sa pag-unawa ng mga babasahin sa Filipino ay nagpapakita ng katamtaman antas ng pag-unawa sa lahat ng anyo ng pagsusuri.

Dagdag pa rito, walang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kakayahang panteksto ng mga mag-aaral. Nagpapakita ito na magkatulad ang kasanayan ng mga mag-aaral sa lahat ng uri ng tektso.

Samantala, ang isinagawang balidasyon ng nabuong Multimodal Filipino Aptitude Test (MFAT) ay nagpakita ng mataas na antas ng kalidad na itinuring na mahusay na instrumento.



Bukod dito, ang antas ng relayability ng Multimodal Filipino Aptitude Test (MFAT) ay may kahusayan, pinapakita na ang pagsusulit ay may matibay na konsistensi sa pagsukat ng pantekstong kakayahan ng mga estudyante.



SANGGUNIAN

- [1] Alcantara, J. (2016). Developing context-based literacy skills among secondary learners. *Philippine Journal of Language and Education*, 42(1), 67–85.
- [2] Anonuevo, M., & Nocum, A. (2015). Impact of social media on student learning and performance. *Philippine Educational Journal*, 10(3), 55–70.
- [3] Brown, A., Clark, J., & Davis, L. (2018). *Innovative strategies in research and development*. Academic Press.
- [4] Brown, G. T., & Abeywickrama, P. (2019). *Language assessment: Principles and classroom practices* (3rd ed.). Pearson.
- [5] Cruz, E. (2021). Multimodal literacy in the digital age. *Journal of Modern Literacy*, 12(3), 88–102.
- [6] Cruz, M., & Hernandez, L. (2019). Strategies for effective formative and summative assessments. *Philippine Education Insights*, 8(4), 12–29.
- [7] Cruz, M., & Ilagan, A. (2020). Multimodal literacy and its impact on student comprehension and creativity. *Journal of Educational Research and Technology*, 32(2), 92–109.
- [8] De la Cruz, R. (2020). Integrating contextual literacy across subject areas: A holistic approach to learning. *International Journal of Educational Innovations*, 19(3), 145–160.
- [9] De Leon, M. P. (2019). Challenges in implementing competency-based assessments in provincial schools. *Journal of Language and Education*, 10(2), 67–83.
- [10] Dela Rosa, P. (2019). Rubric-based assessment: Enhancing the evaluation of skill-based tests. *Asian Journal of Assessment and Evaluation*, 27(4), 123–138.
- [11] Department of Education. (2019). Philippine performance in PISA 2019. Department of Education.
- [12] Flores, R. T. (2019). *Epekto ng paggamit ng infographics sa pagsusuri ng mga tekstong biswal sa Filipino*. *Journal of Educational Technology*, 5(4), 89-105.
- [13] Garcia, L., et al. (2020). Online tools for assessments during the pandemic. Educational Publishing House.
- [14] Garcia, R., & Silva, J. (2017). Contextual reading comprehension among secondary students: A correlational study. *Philippine Journal of Language Teaching*, 34(2), 98–110.



- [15] Heale, R., & Twycross, A. (2015). Validity and reliability in quantitative studies. *Evidence-Based Nursing*, 18(3), 66–67.
- [16] Jonsson, A., & Svingby, G. (2019). The use of scoring rubrics: Reliability, validity, and educational consequences. *Educational Research Review*, 4(1), 130–144.
- [17] Lorenzo, M. P. (2020). Challenges in assessing contextual reading skills of junior high school students. *Journal of Educational Evaluation*, 6(3), 45–61.
- [18] Lorenzo, P. (2020). Rubrics in skill-based assessment for senior high students. *Asia Pacific Journal of Education*, 38(4), 345–360.
- [19] Ramirez, J. (2020). Technological advancements in student assessment. *International Journal of Educational Technology*, 9(2), 67–81.
- [20] Richey, R. C., Klein, J. D., & Nelson, W. A. (2014). Developmental research. *ResearchGate*. https://www.researchgate.net/publication/263963734_Developmental_research
- [21] Salvador, R. D. (2019). Assessment gaps in contextual learning among Filipino learners. *Educational Development Review*, 12(1), 75–89.
- [22] Santos, M. A. (2021). The state of content-literacy in rural Quezon Province schools. *Journal of Rural Education in the Philippines*, 22(2), 43–55.
- [23] Shanahan, T., & Shanahan, C. (2014). The implications of disciplinary literacy. *Journal of Adolescent & Adult Literacy*, 57(8), 628–631.
- [24] Solis, A. (2019). 21st-century literacy: A focus on multimodal texts. *Journal of Innovative Learning*, 25(1), 67–83.
- [25] Torres, L., & Fernando, A. (2018). The impact of contextual analysis on text comprehension in middle school students. *Journal of Educational Psychology*, 52(4), 345–356.
- [26] Antonio, A. (2021). Syntactical Scrutiny: Inaccuracies in the Lesson Planning of Non-Language Pre Service Teachers. *International Journal of Arts, Sciences and Education*,
- [27] Balog, P., & Gonzales, E. (2021). From Linguistic Landscapes to Teaching Resources: A Case of Some Rural Areas in the Province of Quezon. *International Journal of Arts, Sciences and Education*, 1(2), 23–44.
- [28] Banares, A. J. (2022). Reinterpreting Sonnet 18 by William Shakespeare through Stylistic Analysis. *International Journal of Arts, Sciences and Education*, 3(July Special Issue), 189–204. <https://ijase.org/index.php/ijase/article/view/163>.
- [29] Gadaza, A., Manera, A., Caban, R., Alih, C., Tulawie, A., & Picpican, H. (2025). Cultural Identity and Historical Consciousness: A Study of Philippine History Instruction in Tertiary



Education. *International Journal on Culture, History, and Religion*, 7(SI2), 19–35. <https://doi.org/10.63931/ijchr.v7iSI2.135>

[30] Butac, S., Manera, A., Gonzales, E., Paller, R., Eustaquio, M. T., & Tandoc, J. J. (2025). Forging Global Citizens: A Comparative Study of Intercultural Pedagogical Practices of Higher Educational Institutions in the Philippines. *International Journal on Culture, History, and Religion*, 7(SI2), 62–79. <https://doi.org/10.63931/ijchr.v7iSI2.171>

[31] Gadaza, A., Manera, A., Santos, S., Alih, C., & Caban, R. (2025). Reviving the Past, Teaching the Future: The Role of Philippine Cultural Heritage in Curriculum Development of Teacher Education Programs Focus. *International Journal on Culture, History, and Religion*, 7(SI2), 80–97. <https://doi.org/10.63931/ijchr.v7iSI2.169>

[32] Manera, A., Dalaten, M. A., Matammu, C., Catungal, M., Prestoza, M. J., & Ligutan-Siplac, G. (2025). Narratives of Nationhood: Culturally Attuned Pedagogies for Filipino Literature in a Multilingual Educational Landscape. *International Journal on Culture, History, and Religion*, 7(SI2), 296–312. <https://doi.org/10.63931/ijchr.v7iSI2.158>

[33] Ferranco, M. (2025). Emotional Intelligence and Culturally Grounded Leadership: A Study of Small Business Owners in San Pedro, Laguna, Philippines. *International Journal on Culture, History, and Religion*, 7(SI2), 191–202. <https://doi.org/10.63931/ijchr.v7iSI2.197>

[34] Caliboso, J., Bagalay, B., Santiago, M. grace, Bayan, R., Aguinaldo, I., & Belo, J. (2025). Literary Texts as Cultural Tools: A Study on Contextualized Learning Strategies in Philippine Higher Education. *International Journal on Culture, History, and Religion*, 7(SI2), 340–355. <https://doi.org/10.63931/ijchr.v7iSI2.205>

[35] Dela Cruz, L., Manera, A., Ramirez, E., Macato, D., Catbagan, R. J. I., & Tulawie, A. (2025). Bridging Cultures in the Classroom: Analyzing Pedagogical Approaches that Promote Intercultural Competence in Multicultural Higher Education Settings. *International Journal on Culture, History, and Religion*, 7(SI2), 242–261. <https://doi.org/10.63931/ijchr.v7iSI2.202>

[36] Eustaquio, M. T., Clemente, R., Joaquin, M., Manaois, F. R., Alih, C., & Tulawie, A. (2025). Reimagining Pedagogy through Cultural Narratives: Integrating Philippine Literature in Higher Education Classrooms. *International Journal on Culture, History, and Religion*, 7(SI2), 262–277. <https://doi.org/10.63931/ijchr.v7iSI2.203>

[37] Belarga, B., Guiquing-Clemente, B., Tulawie, A., Alih, C., Caban, R., & Manois, F. R. (2025). From Page to Praxis: The Role of Regional Literature in Shaping Culturally Grounded Teaching Methods in HEIs. *International Journal on Culture, History, and Religion*, 7(SI2), 356–371. <https://doi.org/10.63931/ijchr.v7iSI2.206>

[38] Navasca, R., Abaquita-Espiritu, J., Calaranan, M., Navasca, M., Tugelida, N. B., & Tamayo, S. (2025). Culturally Rooted Pedagogies in Technical-Vocational Education: Teaching Practices



and Cultural Integration among TVL-TLE Instructors and Professors in Philippine Higher Education. *International Journal on Culture, History, and Religion*, 7(SI2), 372–387. <https://doi.org/10.63931/ijchr.v7iSI2.207>

[39] Dela Cruz, L., Aguinaldo, I., Alzate, L. J., Camero, C., Abiado, K. R., & Gumpal, B. (2025). Fostering Intercultural Competence through Culturally Responsive Pedagogy: Practices and Perspectives in Philippine Higher Education Institutions. *International Journal on Culture, History, and Religion*, 7(SI2), 36–50. <https://doi.org/10.63931/ijchr.v7iSI2.187>